# HUMANITY NEWS

TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Vol. V No. 27 | June 7-13,2021 | P 10.00 | ISSN No.: 2672-3034




**Cong. Jonjon Ferrer**

*Gen. Trias, 6th Dist. of Cavite*

# DTI 4-A LAUNCHES ITS 1ST BATCH OF KMME-MME MENTEES FOR 2021

The Department of Trade and Industry Region 4-A, in partnership with the Philippine Center for Entrepreneurship (PCE)-Go Negosyo, conducted its KAPATID Mentor ME and Money Market Encounter (KMME-MME) Online Multi Sectoral Batch 1 for 2021Program on May 27, 2021 via Zoom with its 50 mentees from the agribusiness, processed food, automotive, construction, furniture, garments, pastries, and tourism industries.

The KAPATID Mentor ME (KMME) has been implemented since 2016 as a 10-module mentorship program that optimizes weekly face-to-face interactions between the mentors and the mentees with the key goal of boosting the entrepreneurial capacity through improved access to Mentorship, Money & Market (i.e., the 3Ms).

With the COVID-19 pandemic upending lives and businesses all over the world, the KMME becomes more relevant and necessary albeit in a virtual or digitalized form. Thus, the KMME-MME Online is developed as the practical delivery mechanism for the same mentorship modules to be used to propel micro

**(cont. P.5)**







Bayan ng Silang nakakuha ng Silver Award sa Inter-Agency Task Force on Manila Bay Clean Up Preservation Project na tinanggap ni Mayor Corie POblete.

Ayon sa fcebook post ni Mayor Corie" Hindi man natin naiuwi ang ginto, abot-kamay naman natin ang plake ng pagkilala na sumisimbolo ng pagkakaisa ng mga Barangay sa ating bayan. Sa pinagsama-samang tyaga at sipag ng Municipal Environment and Natural Resources Office sa pangunguna ni Mrs. Merlina Cabrera at ng Department of Interior and Local Government- Silang Head, Ma. Normita Arceo, naabot natin ang ganitong pagkilala. Salamat sa lahat ng 64 Barangay Captains na sumuporta sa proyektong ito.Keep safe, God Bless and Congrats mga ka-Silangueños"




## AYUDA DISTRIBUTION NG CSWD, ISINAGAWA SA IMUS PILOT ELEMENTARY SCHOOL

*Pinangunahan nila Mayor Emmanuel Maliksi, Vice Mayor Ony Catimbuhan at Senator Francis Tolentino ang pamamahagi ng CWSD na Financial Assistance sa Imus Pilot Elementary School.*

*Ayon kay Mayor Maliksi, sa pagbisita ni Sen. Tolentino ay kanilang napagusapan ang mga hakbang at proyektong makakatulong sa mabilis na pagbangon ng Imus mula sa mga epekto ng COVID-19.*


**ADVERTISE WITH US!** **Contact Number: 09460039850** **E-mail Address: humanitynews@yahoo.com**

# Mga Tagubilin

1. Tamang katangian ang
dapat linangin,
Ito'y ginagamit sa ating
landasin,
Saan man pumunta't
saan man manggaling,
Ay makakatulong pag
iyong gagawin.

2. Una'y ang pagiging
lagi nang magalang,
May galang sa bata't
matanda ang gulang,
May galang sa taong
kapantay kung turan,
May galang sa taong
dukha o mayaman.

3. Dapat ipakita yaong
katapatan,
Sa salita'y wala yaong
panlilinlang,
Kapag sinabi mo'y
pangakong matibay
Ay dapat ibigay yaong
katuparan,

4. At kung ang pangako'y
hindi matutupad,
Dapat na bawiin, humingi
ng tawad,
At kung hahalinhan ng
bagong katapat,
Katapat na bagay gawin
mong marapat.

5. Sa panahon naman ng
kasaganaan,
Lingaping mabuti ang
buo mong angkan,
Ang nangangailngan,
sila'y bahaginan,
Kahit munti lamang ang
alay sa tanan.

6. Maging sa panahon
nitong kagipitan,
Meron ka pang lakas na
hawak mo't tangan,
Ibahagi'y konti sa
nangangailangan,
Sagana man gipit, ugali ay
ganyan.

7. Ang timpi'y marapat na
gawing ugali ,
Pag-iwas sa bisyo'y
kailangan ang timpi,
Paglitaw ng galit kung di
nagsusuri,
Marapat din itong pigilan
palagi.

8. Ang pagiging payak sa
panlasa't hangad,
Magandang ugaling dapat
na matupad,
Ang mababang loob kung
makipag-usap,
Dapat ding linangin sa lahat
ng oras.

9. Ang taong marami yaong
hinahangad,
Malimit ang loob niya'y
naghihirap,
Kaya itong taong kahit
konti'y hawak,
Kung nasisiyahan, may
kamit ding galak

10. Kaya sikapin mong sa
konti'y sumaya,
Lalo na't alam mong kokonti
lang sila,
Di dapat agawan ang taong
balana,
Hayaang sila man
magtamong ligaya.

11. Sa tahak na landas,
minsan ay may hirap,
Ito'y pagsubok mo sa
piniling landas,
Magtiis, kumapit,
magdagdag ng sikap,
Baka malapit nang makuha
ang hangad.

12. Isang makataong
ugali'y linangin,
Kasama mong tao'y dapat
ding kupkupin,
Subali't ang tigas ng iyong
damdamin,
Dapat ipakita kapag
lolokohin.

13. Kapag nag-aaral ay
talagang aral,
Di dapat bumitaw sa aral at
pagal,
Yaong di nagsikap, sa
dulo'y may angal,
Kamit ay trabaho sa init ng
araw.

14. Kapag nagtatalo sa
anumang tema,
Yaong katwiran mo'y dapat
ipakita,
Sa tulong ng kamay noon
ipadama,
Kayang patunayan sa gawa
talaga.

15. Magsikap na dinggin
lahat ng katwiran,
Ang daigdig natin di lubos
na alam,
Sa pakikinig mo'y
mauunawaan,
Kung saan ka higit, kung
saan ka kulang.

16. Dahil kung lagi lang
meron kang opinion,
At nagmadali kang sabihin
ang gayon,
Doon na lilitaw galit ng
emosyon
At mapipinsala ang
payapang layon.

17. Hindi rin marapat laging
umaasa,
Itong palaasa'y kulang sa
gawa niya,
Sa umasang tao sa isang
ganansya,
Pag di napagbigyan bigo sa
pag-asa.

18. At ang tao namang
merong pagnanais
Na lubhang malaki't ayaw
na magsakit,
Kapag di nakuha'y
malamang tumangis,
Masira ang loob, sumabog
ang dibdib.

19. Samantalang taong lagi
nang mabuti,
Nagsikap mang konti'y
laging umaani,
Lalo na't plano niya'y
tumama parati,
Sa plano ng Langit at iyan
ang suwerte.

20. Kaya ang talino'y sa
buti gamitin,
Wala akong alam na dito'y
sinaling,
Kung nagproblema man
pagsubok lang mandin,
At sa bandang huli biyaya'y
darating.

21. Kung nalulungkot ka at
may karaingan,
Isiping ang buhay ay maigsi
lamang,
Ito'y bahagi lang ng normal
na buhay,
Dadaanan ito nang
panandalian.

22. Ang buhay sa lupa'y
laging nagbabago,
Ang lahat ng likha'y
daranasin ito,
Di dapat matakot sa
ganyang proseso,
Pagka't tayong lahat ay
diyan matututo.

23. Ang buhay ng tao ay
opinion lamang,
Nangyari sa atin ay
panandalian,
Malaban natanim, naging
karanasan,
Ang lahat ng ito ay
nalilimutan.

24. Masdan mo ang lahat
sa tunay na anyo,
Sa katotohanang likas pag
kinuro,
Ang kapanatagan sa iyo
dadako,
Dahil nabatid mo yaong
tamang turo.

25. Ang ahas ay ahas kahit
mo tulungan,
Kahit mo sagipin sa
kapahamakan,
Kung ahas ay merong
kamandag na tangan,
Huwag mong alagaan,
palayain lamang.

26. Subali't kung "ahas"
ang bansag sa tao,
Layuan mo lamang at sapat
na ito,
Di dapat tuklasin bakit
ganya'y bando,
Masasayang lamang ang
oras sa mundo.

27. Ang lahat ay binhi ng
bawa't sisibol,
Ang butil ng palay lalaking
patuloy,
Na uhay ng palay ang
bungang magabol,
Sa isa'y marami ang dulong
tinurol.

28. Kaya ang yamot mo ay
dapat pigilin,
Nagiging galit yan, mag-
aalpas mandin,
Kapag naging ngitngit,
lilikha ng krimen,
Sa munting simula ang dulo
ay lagim.

29. Subali't ang buting
hamak ang simula,
Umaakit ito sa pagkadakila,
Katiting na ambag umakit
sa madla,
Na naging talaksang
sumagip sa dukha.

30. Di dapat mag-isip ayon
lang sa turo,
Pag-aralan ito'y dagdagan
sa kuro,
Sa dagdag mong alay
huhusay pang lalo,
At ang aanihin dunong na
malago.

31. Kapag nagsisikap sa
isang gawain,
At di mapanuto sa gusto
mong kamtin,
Kung buti ay gamit sa iyong
landasin,
Huwag masiraan ng loob at
giting,

32. Pagka't kaya hindi ito
nagbubunga,
Baka ang Lumikha ay may
planong iba,
Magpaanod lamang,
hayaang dalhin Niya,
Ilapag ka doon sa plano
Niyang grasya.

33. Husgahan ang lahat ng
likas sa mundo,
Ito ay likha ring may silbi
sa tao,
Sa ganito dalhin ang iyong
talino,
At lalawak yaong pananaw
na wasto.

34. Gawin mong ang lahat
nitong mga hadlang,
Maging sanhi nitong iyong
kasipagan,
Kaya sa landas mo'y
palaging may ganyan,
Iyan ay ang leksyong bigay
ng Lumalang.

35. Sarili'y tanungin saan
ba malimit
Na aking panahon ay doon
magamit?
Tandaan kung saan lagi
kang nagpawis
Doon din lilitaw yaong
makakamit.



## MAKATANG KABITENYO
**DLSU-DASMARIÑAS AWARDEE**
**MAKATANG KABITENYO 1999**
**F&A.M LINCOLN LODGE # 34**
**DOCTOR OF HUMANITIES (HONORIS CAUSA)**
## DR. AURELIO PAREDES BAUTISTA

36. Tao'y di marapat higanti
ang nasa,
Dahil pag ganito ikaw din
sasama,
Ang inaayawang taong di
katugma,
Gagayahin mo lang sa
masamang gawa.

37. Isipin palagi na ang
nangyayari,
Sa ating daigdig palaging
may buti,
Kung nasaling ka man
magtiis, magmuni,
Hintaying mabatid yaong
dulong kubli.

38. Katulad sa lindol na
namiminsala,
Ang likha ng lindol balanse
sa lupa,
Di mo agad ito malalamang
bigla,
Bagkus ang proseso'y
mabagal sa diwa.

39. Maglakbay paloob sa
iyong sarili,
At doon magtanong at saka
magmuni,
Di ba't natakot ka sa
lubhang marami,
Na nang lumipas na'y wala
palang silbi?

40. Sa isang nagawang tila
kamalian,
Magsisi ka lamang at
huwag nang dagdagan,
Ituwid ang gawa sa tamang
katwiran
At madarama mo'y parang
bagong silang.

41. Itong kasamaan ng
sinumang tao
Ay hindi kailanman sisira sa
mundo,
Bagkus winawasak ay
sarili't gusto,
Lahat walang silbi
pagdating sa dulo.

42. Kaya yaong taong
laging may ligalig,
Dapat matutuhang ang
ating daigdig,
Laging naghihilom ng
masama't pangit,
Upang mga tao biyaya'y
makamit.

43. Pag-aralang lagi na
ang nakakamit
Ay hindi iyo lang kundi sa
daigdig,
Pag-alis mo'y wala kang
dala at kilik,
Hubad kang dumating,
ganyan din aalis.

44. Kaya sikapin mong
mabuhay sa ngayon,
Huwag magproblema sa
bukas at hamon
Iayos ang ngayon,
magpakahinahon,
Lilipas ang lahat, ang buhay
ay gayon.

45. Gamiting palagi ang
tamang tanggulan,
At ang tanggulan mo'y
tamang kaisipan,
Ang taong mabuti at hindi
gahaman,
Laging umaayos yaong
katayuan.

46. Hayaang ang yaman
kung gustong umalis,
Umalis sa iyo na di ka
tumangis,
Pamilya at buhay, sapat
nang makamit,
Ang madagdag dito'y
libag lang at pawis.

47. Kaunting bagay lang
gamit sa ligaya,
Araw, tubig, hangin,
pagkain, damit pa,
Saka edukasyon at
diwang maganda,
Taong merong ganyan ay
laging sapat na.

48. At sa ganyang bagay
mabuhay sa mundo,
Kung may dagdag pa
diyan, magdiwang na
tayo,
Ang buhay na payak ay
yaman sa mundo,
Ang hilig sa luho ay may
dalang gulo.

49. Ang iniisip ko ay ang
huling oras,
Na daranasin ko sa aking
pagbagtas,
Ang hiling ko sana'y
pumanaw panatag,
Matapos makitang
maayos ang lahat.

50. Tatlo yaong ilog na
dapat tawirin,
Sa una kong ilog
magulang kapiling,
Ako'y itinawid sa aking
baybayin,
Saka iniwanan na merong
habilin.

51. Ikalawang ilog nang
aking tawirin,
Kasama'y asawa at anak
kong giliw,
Gayon din ang tema,
ako'y may habilin,
Bago huling ilog ay aking
languyin.

52. At sa huling ilog
ngayong tinawatid,
Ang mga anak ko'y nakita
kong tuwid,
Pamana-manaka ay
merong ligalig,
At mga panustos yaong
iniisip.

53. Sa pagpapaaral nitong
mga bata,
Aking mga apong likha'y
saya't tuwa,
Kung mga anak ko'y
nagkulang biyaya.
Ang lola at lolo'y tulong sa
paggawa.

54. Sa pag-iisip ko ay
aking tinanggap,
Na ako'y patay na sa
gawang maghangad,
Di ko ninanais simulan
ang sikap,
Sa tangkang kumita ng
dagdag sa hawak,

55. Maliban sa nais na
aking sinupin,
Kung ano ang meron at
hawak sa piling,
Di ko hinahangad na
dagdag ay kunin,
Manapa'y ibigay sa anak
ang akin.

56. Ganyan tatapusin
itong tagubilin,
At sana'y sikaping sa isip
itanim,
Kung matupad ninyo,
aani'y kayo rin,
At matutulungan itong
mundo natin.

**Humanity news publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday Province of Cavite**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZERY

Main Office:
667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number:
09497849109/09075029643
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

**AURELIO P. BAUTISTA**
PUBLISHER/EDITOR-IN-CHIEF

**LEXTER LUMAS BAGAPORO**
BUSINESS MANAGER

**DR. SONNY ANARNA**
MANAGING EDITOR

**VER C. BAUTISTA**
EXECUTIVE OFFICER

**MARICAR D. LUMAS**
LAY-OUT ARTIST

**GRETHSEL B. LUMAS**
ACCOUNT EXECUTIVE

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purpose without prior written permission from the publisher and its writers/ columnist.

Note: All news articles by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

MEMBER:
**PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILS, INC.**

papi

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Advertisement Rate: Per column = Php 200.00

# PhilHealth, Ipatutupad ang Debit-Credit Payment Method (DCPM)

Ipinatutupad ng PhilHealth ang alternatibong paraan ng pagbabayad ng claims bilang tugon sa direktiba ng Pangulong Rodrigo Duterte na pabilisin ang pagbabayad sa mga pasilidad sa gitna ng pandemya. Inilabas kamakailan ang PhilHealth Circular 2021-004 kung saan nakasaad ang polisiya patungkol sa Debit-Credit Payment Method (DCPM) na layuning mapabilis ang pagbabayad ng mga claims ng pasilidad.

Sa ilalim ng DPCM, babayaran ng PhilHealth ang 60% ng kabuuang halaga ng sakop ng Health Care Facility (HCF) receivables kung saan ito ay may 2% na bawas base sa expanded withholding tax para sa mga kwalipikadong HCF. Ang natitirang 40% sa kabuuang halaga ay magkakaroon pa din ng 2% na bawas, ngunit kinakailangang makumpleto ng pasilidad ang mga compliance sa mga claims processing requirement at procedures at gayundin ang full reconciliation ng naunang 60% na halaga. Sakop nito ang mga naipasang claims ng mga pasilidad sa PhilHealth simula Marso 8, 2020 hanggang April 7, 2021.

Upang maka-avail ng DCPM, kinakailangan ang pasilidad ay nasa mga lugar ng National Capital Region, mga probinsya ng Batangas, Bulacan, Cavite, Laguna, Pampanga at Rizal batay sa identipikasyon ng Inter-Agency Task Force for the Emerging Infectious Diseases (IATF-EID).

Gayundin, pinayagan na rin ng IATF ang expansion ng DCPM base sa Resolution No. 111 na na-isyu noong Abril 22. Sa ilalim ng nasabing resolusyon, kasama na sa mabibigyan ng DCPM ang mga pasilidad na nasa high at critical risk areas batay sa two-week growth rate, average daily attack rate at health care utilization rate.

Kaugnay nito, ang mga interesadong pasilidad ay kailangang:

a. Walang balanse sa record ng Interim Reimbursement Mechanism (IRM)

b. May claims para sa PhilHealth Covid-19 packages

c. Hindi suspendido ang akreditasyon mula sa applicable period para maka-avail ng DPCM

Ang DCPM ay applicable lamang sa in-process claims na natanggap mula Marso 8, 2020 hanggang Abril 7, 2021. Hindi dito kasama ang Return-to-Hospital (RTH), denied claims, claims na naka-refer sa Legal Office ng PhilHealth para sa imbestigasyon at claims na approved for payment ng Abril 7, 2021.

Sa 90 na pasilidad na nasa listahan ng Region 4A, mayroong 18 pasilidad na hindi interesado at isang hindi PhilHealth accredited. Ayon sa pinaka huling datos, may 48 na pasilidad na ang nabigyan ng DCPM at may 15 pang pasilidad na hinihintay ang aplikasyon.

Ang mga interesadong pasilidad, kinakailangan magsumite ng letter of intent na nilagdaan ng may ari ng pasilidad o Medical/ Hospital Director. Maaaring mai-download sa www.philhealth.gov.ph ang nasabing form.

Para sa ibang detalye patungkol sa DPCM at iba pang polisiya, bisitahin ang website ng PhilHealth sa www.philhealth.gov.ph. ### (jpc)

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**CITY OF IMUS, CAVITE**

**L & R CORPORATION**
Mortgagee,

**EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118**

-versus-

**MS. CHRISTIE MARIE P. LAPISORA**
Mortgagor.

**FC No. 17117-21**

x-------------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **L & R CORPORATION**, mortgagee, with principal office at 5th Floor, Ablaza Building, 117 E. Rodriguez, Sr. Avenue, Quezon City, Metro Manila, against **MS. CHRISTIE MARIE P. LAPISORA**, mortgagor, with residence and postal address at Block 8, Lot 11, Hope Street, Good Family Homes Subd., Anabu 1-A, Imus, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 17, 2020 amounts to **ONE MILLION FOUR HUNDRED FORTY EIGHT THOUSAND THREE HUNDRED NINETY THREE PESOS and 29/100 (P 1,448,393.29),** Philippine Currency, including interest, penalty charges, attorney's fees and sheriff's fees and all other charges incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff IV will sell at public auction on **JULY 6, 2021** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the main entrance of the Office of the Clerk of Court, RTC-Imus, Bulwagan ng Katarungan, Aguinaldo Highway, Imus City, Cavite, to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following properties with all the improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. T-404540**

A parcel of land (Lot 11, Blk. 8 of the cons. subd. plan, Pcs-042109-006958, being a portion of the cons. of Lots 505, 2889 & 2890, Imus Estate (Rs-042109-001140, LRC Rec. No. ) sit. in the Brgy. of Anabu, Mun. of Imus, Prov. of Cavite. Bounded on the E., along line 1-2 by lot 12, on the S., along line 2-3 by lot 13, both of the Blk. 8; on the W., along line 3-4 by Rd. lot 9; on the N., along line 4-1 by lot 9, Blk. 8, all of the cons. subd. plan x x x containing an area of **NINETY FOUR (94) SQ. METERS** x x x

All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on JULY 13, 2021 at 10:00 a.m. without prior notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoined to investigate for themselves the titles to the said properties and encumbrances thereon if any there be.

Imus, Cavite, Philippines, March 9, 2021.

**(Sgd.) KATREENA MARIE L. POBLETE**
Sheriff IV

**APPROVED:**

**(Sgd.) ARMIE A. FRANCISCO**
Clerk of Court V
Officer in Charge

**Copy furnished:**

**L & R CORPORATION**
5th Floor, Ablaza Building, 117 E. Rodriguez, Sr. Avenue, Quezon City, Metro Manila

**CHRISTIE MARIE P. LAPISORA**
Block 8, Lot 11, Hope Street, Good Family Homes Subd., Anabu 1-A, Imus, Cavite

**HUMANITY NEWS**
**March 31, June 7 & 14, 2021**

# Spinning Soon Into Reality: The Countdown to Twin Spin Continues

As we all know, dreams can turn into reality if we all put our hearts and minds into them and this is what happened with Twin Spin, Enchanted Kingdom's newest upcoming ride attraction. Initially envisioned and still the centerpiece of EK's 25th anniversary celebration, Twin Spin had slowly evolved from the drawing board into the construction and installation phase and now with the following two recent milestones accomplished, it is just one more step away from bringing a "spintastic EKsperience" to our guests.

Last April 21, 2021, after completing the installation and commissioning work on the new ride, technical representatives of Mack Rides GmbH of Germany and Enchanted Kingdom, in the person of its Chairman & President, Mr. Cesar Mario O. Mamon, formally signed

**(cont. P.4)**


## *Pagbati Mula kina:*



**Mayor Emmanuel Maliksi**
*Imus City, Cavite*



**Vice Mayor Ony Cantimbuhan**
*Imus City, Cavite*



Mayor Jose Voltaire Ricafrente
*Rosario, Cavite*

# ROSARIO,

## BAYANG TAHIMIK, MASAYA AT MAUNLAD



# LET THERE BE LIGHT!

By
**ENG'R. VER CAMPAÑA BAUTISTA**
*F & A.M. Luis Olimpo Ferrer Lodge 366*

**ADLAS -** Ang Adlas, Silang ay may ngalan na malamang ay galing sa katagang "ADEHALAS" ng Espanyol na ang kahulugan ay gratuity o pabuya sa magandang serbisyo.




# Safety Seal certification at SM City Calamba





On April 23, 2021, the DOLE-DOH-DILG-DOT-DTI Joint Memorandum Circular No. 21-01 Series of 2021 – Implementing guidelines to Safety Seal certification program was released. The said program aims to assure the consumers and the general public of the establishments' compliance with the minimum public health standards set by the government.

SM City Calamba is the first establishment to receive the Safety Seal certification in the City of Calamba. The event was graced by Calamba City Mayor Justin Marc SB. Chipeco, DTI 4A Regional Director Ms. Marilou Toledo, DTI Provincial DirectorMr. Clarke Nebrao, DILG 4A Regional Directo Mr. Ariel Iglesia, DOLE 4A Regional DirectorMr. Exequiel Ronnie De Guzman, DOT Region IV-A Chief Tourism Operation OfficerMs. Marites Castro, with SM Supermalls SAVP John Jason Terrenal, and AVP Angel Toreja.

"I would like to congratulate SM City Calamba for receiving the Safety Seal certification, this is the first in the CALABARZON region." said DTI Regional Director Marilou Toledo.

The Safety Seal is valid for six (6) months from the date of issuance, except for those issued to tourism enterprises. The Safety Seal shall be renewable subject to continued compliance with the eligibility requirements. **(KCHT)**

# Spinning Soon Into Reality... (from p. 3)

off on the official turnover of Twin Spin, making it EK's newest major ride attraction and its third roller coaster after the venerable Roller Skater and ever popular Space Shuttle. Mack Rides GmbH of Waldkirch, Germany is a more than 240-year-old, family-owned manufacturer of amusement rides and attractions whose products are known to be of the highest standards in safety, innovation and quality and are spread all over the world in all kinds of amusement facilities. The Mack family also own and operate Europa Park in Rust, Germany, the second most popular amusement destination after Disneyland Paris in Europe. Enchanted Kingdom's Twin Spin, Mack Rides' unique compact spinning coaster ride, is the first of its kind in the country and is a welcome addition to EK's growing list of popular rides and attractions.

Following the official turnover, Twin Spin was dedicated and blessed last May 8th in the presence of EK's management and staff, as well as all contractors and personnel who were responsible for transforming the "dream into reality'. Aligned with EK's core values, primary of which is "love of God", the blessing was officiated in by Rev. Fr. Erwin Dela Cruz, followed by first-hand ride experiences for those in attendance and capped with a simple box lunch for everyone, all in keeping with the current physical distancing, health and safety protocols. In his brief message, Mr. Cesar Mario O. Mamon expressed his appreciation and gratitude to everyone for their all-out dedication despite of the challenges presented by the current and continuing pandemic, and reiterated his confidence and "positivity" that the best is yet to come in the very near future.

Finally, as all of the finishing touches are put in place and as we prepare Enchanted Kingdom for its long-awaited reopening this coming June, let us extend our "summer splash" and head on down to EK to EKSperience Twin Spin, a truly "spintastic EKsperience", as well as our other rides and attractions, food, games and merchandise and promo packages!

For more information on promos and ticket reservations and bookings, please visit Enchanted Kingdom's official website www.enchantedkingdom.ph, Online store shop.enchantedkingdom.ph/ or official Facebook page www.facebook.com/enchantedkingdom.ph.**(PAUL B. HERNANDEZ)**



ENGR. VIR CAMPAÑA BAUTISTA
(TWIN BROTHER OF VER)

# HUMANITY TRIVIA

**(IT TELLS THE DATES OF INVENTION, PLACES OF PLANT ORIGIN AND CURES OF DISEASE)**

Detergent - 1916
Television - 1926
Cocoa - South America
Coconut - Polynesia
Rimas - rheumatism

# Enchanted Kingdom's Summer Twin Specials - "Twin Spin" and "EKciting Twin Spin Promo"




No summer is complete without an escape to nearby Santa Rosa, Laguna to EKsperience unmatched thrill and excitement in a fresh and open-air environment at the country's premier and most loved theme park, Enchanted Kingdom. Although the summer months and school vacation are well underway, spending a well-planned weekend at EK is still a no-brainer and an annual "must do". Take your pick from EK's growing number of EKciting rides and attractions, most especially Twin Spin, a unique spinning coaster from Mack Rides of Germany that is the first of its kind in the country and located inside our newest themed zone, Eldar's Village. Twin Spin guarantees the rider a unique ride experience every time you ride any of the three rotating ride vehicles in each train.

Take advantage of the EKciting Twin Spin Promo price of Php811.00 for a Regular Day Pass instead of the usual Php999.00 and get a signature Twin Spin face mask for FREE! Book your tickets NOW via Enchanted Kingdom's Official Online Store to avail of this promo. Promo runs until August 29, 2021.

Terms and Conditions:

Promo period runs from April 17 to August 29, 2021.

This promo is open to guests based on IATF age restrictions in effect on the date of planned visit.

(cont. P.7)

## EDITORIAL

Ang mga Pilipino ay malikhain. Maging sa larangan ng pagkukumpuni ay mahusay din ang Pilipino, subali't ang ating magagandang katangiang ito ay hindi nagagamit sa pagbuo ng isang bansang patungo sa mabilis na industriyalisasyon.

Ang mga kumpanyang dumating sa atin sa mga Export Processing Zone ay ginagamit ang ating labor force upang magawa ang mga produktong iluluwas na muli.

Dapat pagtuunan natin ng pansin ang mga hakbang patungo sa industriyalisasyon ng bansa kahit pansariling gamit muna. Saka na isipin ang pagluwas.




# DTI 4-A launches its 1st batch of KMME-MME mentees... (from p. 1)

and small enterprises (MSEs) to survive and thrive in spite of the unprecedented setbacks that now confront businesses of all types and sizes.

"This is a better program to help our micro, small, and medium enterprises (MSMEs) to adapt their business strategies to the new normal as digital marketing is incorporated. Moreover, because this program is done online, we are now able to accommodate more mentees instead of the usual 20 mentees per batch," said PCE Adviser Engr. Merly M. Cruz.

The KMME-MME Online is designed to integrate the Money Market Encounter (MME) into the regular KMME Program. This will be achieved through the presentation of Business Improvement Plan (BIP) to an expanded panel of evaluators composed of representatives from banks, online market platforms, and other business support organizations. Coaching is added in the program to assist the mentees during the drafting of their BIPs and improve their materials and presentation skills. Coaching is also envisioned to further develop their capacities in accessing capital and market. Thus, enabling them to pivot and prepare for the new normal.

"This is like taking up a Master's Degree in Business Administration, but the only difference is that this is free. The only investment of our mentees is to religiously attend all the sessions, do their homework and activities, and apply their learning in their business.The process is rigorous, but I assure you that it will be rewarding in the end," said DTI Regional Operations Group Undersecretary Blesila A. Lantayona.

DTI CALABARZON Director Marilou Q. Toledo, on the other hand, emphasized on the importance of innovation, resilience, and technology in the business.

"We, in the DTI, are always here to help our MSMEs in their business during this difficult time. We are offering many services such as developing a digital platform for our MSEs to sell their products to a bigger market," Toledo added.

The KMME-MME Online is a public-private partnership program between the DTI and the PCE-Go Negosyo to provide business coaching and mentorship for entrepreneurs across the country.If you want to be a mentee of the KMME-MME Online, visit your nearest DTI Regional and Provincial Office or Negosyo Center nationwide.

**(MIA CORTEZ)**



## CAVITE HIGHLIGHTS

By: Yna Palparan Bautista

**Governor Camerino pulled the Cavite town closer together. Governor Juanito Remulla built the roads to the upland towns from the Trece Martires hub designed by Congressman Justiniano Montano. Governors Epimaco Velasco put finishing touches to enforcement of laws in Cavite. Governor Bong Revilla and Ayong Maliksi contributed to Industrial peace. Governors Crispin and Jonvic Remulla established the foundation of the good governance in Government by introducing ISO certified system in the Capitol.**

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY
VOL.V NO. 27

# Task Force Build Back Better: DENR CALABARZON mas pinaigtingna Forest Protection para sa Upper Marikina River Basin (Part 1 of 2)

Calamba City, Laguna - Ang Department of Environment and Natural Resources (DENR) CALABARZON ay patuloy ang implementasyon ng mas pinaigting na forest protection at watershed management para sa Upper Marikina River Basin Protected Landscape (UMRBPL) sa probinsya ng Rizal. Ito ay ayon sa ulat ni Nilo B. Tamoria, ang bagong talagang Regional Executive Director ng DENR CALABARZON, sa ika-15th pagpupulong ng Task Force Build Back Better na pinamumunuan ni DENR Secretary Roy A. Cimatu, na ginanap online nito lamang May 20, 2021. Si RED Tamoria ay dating Environmental Protection and Enforcement Task Force Executive Director, na ngayon ay uupo din bilang Chairperson ng UMRBPL Protected Area Management Board.

Ang Task Force BBB ay isang kolaborasyon ng iba't ibang ahensya para sa mas pinatibay na pakikipagtulungan sa isa't isa. Ito ay gumagamit ng "whole of government approach", kung saan lahat ng ahensya ay handing umalalay sa lahat ng kasapi rito. Ito ay naisakatuparan ayon sa Executive Order No. 120 na may layuning paigtingin at pagtibayin pa ang mga inisyatibo ng DENR ukol sa rehabilitasyon at recovery efforts para sa mga typhoon hit areas sa buong bansa.

Ang Rizal ay mayroong apat (4) na Protected Area (PA). Ito ay ang (1) Pamitinan Protected Landscape na may 609.15 ektarya, (2) Hinulugang Taktak Protected Landscape na may 3.2 ektarya, (3) Kaliwa Watershed Forest Reserve na may 35,150 ektarya, at ang (4) UMRBPL na may area na 26,125.64 ektarya. Nais bigyang importansya ng probinsya ng Rizal ang UMRBPL dahil konektado ito sa Marikina River, na siyang kadalasang pinagmumulan ng malaking bolyum ng tubig na dumadaloy sa lungsod ng Maynila. Nasa loob din ng UMRBPL ang sikat na rock formation na



*Upper Marikina River Basin Protected Landscape, Larawan mula sa DENR CALABARZON*



*Demolisyon ng mga illegal na istruktura at bakod sa UMRBPL, Larawan mula sa Environmental Protection and Enforcement Task Force*

Masungi Karst o kilala sa tawag na "Palanas" sa mga taga Tanay, Rizal.

Inilatag ni RED Tamoria ang mga kasalukuyang mga ginagawa ng ahensya sa UMRBPL na tumutugon sa Forest Protection, kalahok ang iba't ibang sangay ng ahensya ng gobyerno gaya ng Environmental Protection and Enforcement Task Force, National Bureau of Investigation, Philippine National Police, atbp.

Sa kasalukuyan ay may karagdagang 60 na bantay gubat ang nabigyan ng trabaho ng PENRO Rizal sa mga bayan ng Rodriguez, Antipolo City, at San Mateo upang mag patrolya sa kalakhan ng PA. Dagdag pa rito ay ang paggamit ng teknolohiya upang makatulong "sa epektibong pamamahala ng watershed, pinangangalagaang pook, at sa mga kagubatan. Sa pamamagitan ng drone at iba pang teknolohiya ay mas mababantayan at makakapagplano tayo ng mahusay at makakakuha tayo ng up to date na data batay sa output ng mga equipment na ito", ani RED Tamoria.

Samantala, labing anim (16) na tao na ang naaresto at sinampahan ng kaukulang kaso sa paglabag sa Section 20 ng RA 7586 o NIPAS Act, tulad ng susugan ng RA 11038 o Expanded NIPAS Act. Kaugnay ng isyu ukol sa at illegal na mga istruktura sa loob ng nasabing Protected Area, ang DENR CALABARZON katuwang ang DENR Environmental Protection and Enforcement Task Force at ang National Bureau of Investigation, ay nagkaroon na ng ilang joint operations upang imbestigahan at masiguro ang kaayusan sa loob ng nasabing Protected Area. Sa kasalukuyan ay 68 Show Cause Orders na ang naibigay sa mga imprastraktura, commercial business, at mga babuyan na walang permit.

Ayon sa batas ay ipinagbabawal ang pagtatayo ng kahit anong imprastraktura, at bakod sa loob ng kahit anong PA. Kasamang ipinagbabawal din ay ang pagooperate ng kahit anong business enterprise sa loob ng kahit anong protected area ng walang kaukulang clearance mula sa Protected Area Management Board (PAMB) at permit mula sa DENR at LGUs. Alinsunod sa Section 21 ng parehong batas, may kaukulang multa ang paglabag nito na nasa isang milyon hanggang 5 milyong piso, at pagkakakulong ng anim (6) na taon hanggang 12 na taon.

Kasado na din ang mga gawaing magpapaigting sa Watershed Management sa naturang Protected Area.

Hinihikayat ng DENR CALABARZON ang publiko na makiisa sa laban para sa ating kapaligiran. Para sa may mga sumbong ukol sa illegal na Gawain na may kaugnayan sa kalikasan ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369 at Trunkline No. (049) 540-DENR (3367) / (049) 554-9840 - 48 local - 121. Ang mga litrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ###

Republic of the Philippines
**FAMILY COURT**
Fourth Judicial Region
**BRANCH 17**
Antipolo City

**MA. TERESA G. BARRAMEDA,**
Petitioner,

Civil Case No. 19-12070
For: Declaration of Nullity of Marriage under Article 35 (4) of the Family Code of the Philippines

-versus-

**ANTONIO BARRAMEDA,JR.,**
Respondent.
x---------------------------------------------------x

**SUMMONS**

To: **ANTONIO BARRAMEDA,JR.**
*B9 L1 Villa Lessandra Ph 5,*
*Salinas 2, Bacoor, Cavite*

GREETINGS:

**WHEREAS,** in an Order dated 21 January 2021, the court directed the petitioner to cause the service of summons upon the respondent by publication, once a week for two (2) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the Philippines, specifically in Bacoor, Cavite.

**WHEREAS**, a petition for declaration of nullity of marriage has been commenced by the petitioner against the respondent praying as follows:

**"WHEREFORE,** premises considered, it is respectfully prayed of the Honorable Court to:

1. Declare the marriage between petitioner and respondent null and void ab initio under Article 35 (4) of the Family Code.

2. Hold that petitioner shall henceforth revert to and use her maiden name.

3. Adjudicate all other effects of the decree of nullity of marriage.

Petitioner prays for such further and other relief as may be deemed just and equitable."

**NOW THEREFORE,** pursuant to Section 6 and 8 of the Rule on Declaration of Absolute Nullity of Void Marriages and Annulment of Voidable Marriages (A.M. No. 02-11-10-SC), respondent **ANTONIO BARRAMEDA, JR**. is hereby directed to file his answer within thirty (30) days from the last issue of publication.


You are hereby reminded of IBP OCA Memorandum on Policy Guidelines dated March 12, 2002 to observe restraint in filing a motion to dismiss and to raise the grounds thereof, instead, as defenses in the Answer.

Antipolo City, 17 March 2021.

**(Sgd.) Atty. FRANCIS L. ARCE**
Branch Clerk of Court

**HUMANITY NEWS**
**May 31 & June 7,2021**

# Task Force Build Back Better: DENR CALABARZON mas pinaigting na Forest Protection at Watershed Management para sa Upper Marikina River Basin (Part 2 of 2)



*Bamboo Planting Material Production, larawan mula sa PENRO Rizal*



*Pakikipag ugnayan sa People's Organization ukol sa implementasyon ng stream bank stabilization sa UMRBPL, Larawan mula sa PENRO Rizal*

Ang Task Force Build Back Better na pinamumunuan ni DENR Secretary Roy A. Cimatu, sa pamamagitan ng DENR CALABARZON, ay patuloy na nakatutok sa pagpapaigting ng mga Gawain sa Upper Marikina River Basin Protected Landscape (UMRBPL). Masusing iniimbentaryo ang mga illegal na istruktura sa loob ng Protected Area at easement nito. Ang easement ay nagsisilbing buffer zone para sa daanang tao at animal towpath at ito ay dapat walang balakid na istruktura upang makadaloy ng husto ang tubig.

Nagbigay na ng direktiba si DENR CALABARZON Regional Executive Director Nilo B. Tamoria, na nagsisilbi din bilang UMRBPL Protected Area Management Board Chairperson, sa Protected Area Superintendent na bisitahin ang kalagayan ng illegal settlers at makipagugnayan sa LGUs at iba pang ahensiya para sa relocation ng mga ito.

Mariin ding inilahad ni RED Tamoria na ang walang kaukulang clearances at permits mula sa PAMB at iba pang ahensiya ng gobyerno ay kailangang sumunod sa batas, ayon sa Expanded National Integrated Protected Areas Act (eNIPAS) or RA 11038. Mahigpit na ipatutupad ang batas sa loob ng UMRBPL dahil malaki ang papel ng nasabing Protected Area bilang watershed na nakakaapekto sa kalakhang Maynila.

Sa kasalukuyan ay nais tutukan ng Task Force BBB ang Flood Mitigation at Intensified Watershed Management sa nasabing Protected Area (PA). Sa ilalim ng National Greening Program ay tataniman ng native na punong kahoy sa mahigit 300 ektarya ng UMRBPL. Samantalang sa Easement Recovery naman ay tataniman ng bamboo ang 100 na kilometro o higit sa 800 ektarya ng riverbank. Malaki ang maitutulong ng bamboo sa riverbank stabilization, para maiwasan ang pagguho ng mga lupa at pagsama nito sa malakas na agos tuwing may ulan at bagyo. Isa pang magandang katangian ng mga bamboo ay madali itong umusbong muli kahit ito ay maputol. May nakalaan na 11 milyong piso para sa 11 People's Organization upang sila ay maging katuwang sa pagpapalago at pagtatanim sa lugar.

Hinihikayat ng DENR CALABARZON ang publiko na makiisa sa laban para sa ating kapaligiran. Para sa may mga sumbong ukol sa illegal na Gawain na may kaugnayan sa kalikasan ay maaaring tumawag o magbigay ng mensahe sa 8888 hotline numero 09561825774/ 09198744369 at Trunkline No. (049) 540-DENR (3367) / (049) 554-9840 - 48 local - 121. Ang mga litrato, bidyo, at iba pang impormasyon ay maaari ring ipadala sa opisyal na Facebook page ng DENR CALABARZON: https://www.facebook.com/DENR4AOfficial/. ###

## Enchanted... (from p. 5)

Promo is available at the EK Online Store only.

All guests are required to wear a face mask and face shield inside the Park.

Freebies are subject to availability.

Park Rebooking Policy applies.

This promo cannot be availed in conjunction with any other promo, as well as on Junior, Senior Citizen, PWD and other special rates.

For more information on promos and ticket reservations and bookings, please visit Enchanted Kingdom's official website www.enchantedkingdom.ph, Online store shop.enchantedkingdom.ph/ or official Facebook page www.facebook.com/enchantedkingdom.ph.

See you all where the magic lives forever… Enchanted Kingdom! **(PAUL HERNANDEZ)**

# Health Benefits...

## Kaalaman tungkol sa Bulak-Manok bilang halamang gamot



***Scientific name: Ageratum conyzoides Linn.; Ageratum latifolium Cav.; Ageratum cordifolium Roxb. Common name: Bulak-manok, Tagulinaw (Tagalog); Billy goat weed, goat weed (Ingles)***

Ang bulak-manok ay isang maliit lamang na halaman na karaniwang tumutubo sa mga bakanteng lote, gilid ng kalsada, at sa mga damuhan. Nababalot ng maliliit na buhok ang buong halaman. Ang mga bulaklak ay maliit lamang at maaaring kulay puto, asul, lila, dilaw, o pula.

**Ano ang mga sustansya at kemikal na maaaring makuha sa Bulak-Manok?**

Ang iba't ibang bahagi ng halamang bulak-manok ay maaaring makuhanan ng maraming uri ng kemikal at sustansya na maaaring may benepisyo sa kalusugan:

Ang dahon ay may taglay na langis na may sesquiterpene, ageratochromene, demethoxyageratochromene, at monoterpene hydrocarbons.

Ang halaman ay makukuhanan naman ng coumarin. Mayroon din itong flavonoids, triterpene, sterols, at alkaloids

Ang iba pang bahagi ng halaman gaya ng ugat at mga tangkay ay may alkaloids, flavonoids, saponins, tannins, glycosides, resins, phenols. May sustansya din itong proteins, at carbohydrates

**Anong bahagi ng halaman ang ginagamit bilang gamot, at paano ginagamit ang mga ito?**

Maaaring gamitin bilang gamot ang ilang bahagi ng halaman tulad ng:

**Dahon.** Ang sariwang dahon ng bulak-manok ay karaniwang ginagamit na pantapal sa ilang mga kondisyon at karamdaman

**Bulaklak.** Ang bulkalak ng halaman ay karaniwang nilalaga kasama ng iba pang bahagi ng halaman upang mainom at makagamot sa ilang kondisyon.

**Ano ang mga sakit at kondisyon na maaaring matulungan ng Bulak-Manok?**

**Sugat.** Maaaring gamitin para sa mabilis na paghilom ng sugat ang pagtatapal ng dinikdik na sariwang dahon ng bulak-manok. Maaari ding ihalo ang dahon sa langis ng niyog bago ipantapal sa sugat.

**Pananakit ng sikmura.** Maaari namang inumin ang pinaglagaan ng ilang mga bahagi ng halamang bulak-manok gaya ng bulaklak, ugat, at dahon para maibsan ang pananakit ng sikmura.

**Ubo**. Ginagamit din na panlunas para naman sa ubo ang pinaglagaan ng halamang bulak-manok.

**Pananakit ng ulo.** Ang dinikdik na dahon ng halaman ay maaaring ipantapal sa sentido para maibsan ang pananakit ng ulo.

**Impeksyon sa tenga.** Ang katas ng sariwang halaman ay maaaring ipampatak sa butas ng tenga na dumadanas ng pananakit dahil sa impeksyon.

**Eczema.** Ang implamasyon ng balat o eczema ay maaaring pahiran ng dinikdik na halaman upang humupa ang kondisyon.

**Lagnat.** Pinapainom din ng pinaglagaaan ng halaman ang taong dumadanas ng pagtaas ng lagnat.

**Pigsa.** Mabisa rin para sa pigsa ang pagtatapal ng dinikdik na dahon at bulaklak ng halaman sa apektadong bahagi ng katawan.

Main Office: 667 Bayan Luma 5 Imus City, Cavite
Contact Number: 09497849109/09127800960
E-mail Address:
humanitynews@yahoo.com

HUMANITY NEWS
TOWARDS THE FRIENDSHIP OF CITIZENRY

Annex Office: 24 Sayas St. Sabutan, Silang, Cavite

VOL.V NO. 27













*Naging maganda ang pagsalubong ng 9th cityhood anniversary celebration ng Lungsod ng Bacoor. June 2,2021 ay binuksan ang bagong gusali ng City Social Welfare and Development Office. Sa pagkakaroon ng bagong gusali ng kritikal na tanggapan na ito, mas maayos nilang mapapaabot ang tulong at kalinga sa ating mga kababayang lubos na nangangailangan.*

# SM CITY DASMARIÑAS IS FIRST SAFETY SEAL VALIDATED ESTABLISHMENT in the City of Dasmariñas!

On 1st June 2021, the City Government of Dasmariñas issued the very First Safety Seal Certification to SM City Dasmariñas at around 10.00 AM today. The ceremonial validation was attended by the entire Occupational Safety and Health Management (OSH) Inspection Team and top Management Team of SM Mall.

On facebook post of Mayor Jenny Barzaga" The Safety Seal Certification Program is officially launched today and I encourage all establishments in Dasmariñas to conduct a self-assessment of their businesses and apply for the Safety Seal Certification."

You may contact (0995) 068 4260 / (0908) 883 5724 / (046) 481 4600 loc. 637 or access @ safetysealdasma for guidelines, checklist and other information. Be certified!

Acquire the Safety Seal! Stay safe, Dasmarineños.










*500 Persons with Disabilities (PWDs) mula sa iba't-ibang barangay ng Lungsod ng General Trias ang tumanggap ng financial assistance mula sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) nitong Martes. Ito'y sa inisyatibo ni Senator Francis Tolentino. Namahagi rin ang senador ng vitamins para sa mga PWDs. Dumalo sa programang isinagawa sa Sunny Brooke II, Brgy. San Francisco sina Cong. Jon-Jon Ferrer, Mayor Ony Ferrer, Vice-Mayor Morit Sison, Coun. Kristine Perdito-Barison, Coun. Walter Martinez, Coun. Athena Tolentino ng Tagaytay City at Punong Barangay Eddie Umali.*

## DO YOU KNOW ?

*Fireflies glow in the dark because of an enzyme that they produce called luciferase.*

**(Shared by Fellowship with Humanity)**

FELLOWSHIP WITH HUMANITY

Province of Cavite

**PRESIDENT: AURELIO PAREDES BAUTISTA**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**

**Fellowship with Humanity is a Family-Based Masonic Charity Group registered in Cavite to help in a small way alleviate the conditions of the poor. The funds come from the family income of the Bautista Family members.**